# Ang Tatay Kong Mayabang

*Joseph C. Eco, EdD*

Buhat pa ang aking ama
Sa malayo pang lupain,
Kung saan takam ang tao
Sa anghang at laing.
Isang manlalakbay na dinagit
Patungo sa patag na bantay ay bulubundukin
Tuwing siya'y iinom, ang kwento'y mahaba.
Pananalita man ay utal, makikinig pa rin
sa mga away niyang kinasangkutan sa kanilang barrio,
at pagkwento ng pagpapatayo niya ng palaruan
sa San Fabian.

Ang pagbabandera niya
ng kanyang mga naging kasintahan,
'di ko malimot ang nasungkit niyang magpipinsan.
Ang latay na minsa'y dulot ng kanyang ama,
At ang pagpapahid ng aking lola sa mga sugat
Gamit and dahon ng saba.
Sa pagtawid niya sa kaMaynilaan
At sa gutom na kanyang kinaharap,

Ay tinawid niya ang pangamba.
Matikas ang kanyang pagkabata,
Ngunit sinlungkot ng kanyang paglayo ay pagluluksa,
Isang abang pagpapapagal ng pumanaw ang inang 'di nasilayan
Sa huling pagkakataon.
Ang aking ama ay mayabang.
Mayabang siya sapagkat naitatago niya ang lungkot
Sa mapa ng kanyang mukha na binuo ng pagod at tapang,
Ng hinagpis at galak.
Patuloy siyang nagkwekwento,
Patuloy din akong makikinig
Sa melodya ng sirang plaka
Na pinatutugtog ng kanyang bibig.